# Isang Panawagan para Kumilos

## Pagtahak ng Bagong Landas Tungo sa Katarungan sa Kapaligiran sa Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area



*Mula sa Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area*

Nobyembre 2024


Bay Area Air Quality Management District

Community Advisory Council
Clean Air for All

# Ehekutibong Buod



Ibinubuod ng *Isang Panawagan para Kumilos* ang mithiin at rekomendasyon ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad na isulong ang siyam na Priyoridad ng Katarungan sa Kapaligiran at ang mga nauugnay na pagkilos sa Distrito ng Hangin.

Ang Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad ay binuo ng Lupon ng Mga Direktor noong Nobyembre 2021, na kumakatawan ng iba't ibang komunidad para sa katarungan sa kapaligiran sa buong Bay Area. Ang grupong ito ng mga lider sa komunidad at tagapagsulong ng katarungan sa kapaligiran ay tumutulong sa Lupon na bumuo ng mga inisyatiba ng Distrito ng Hangin na makakatulong sa komunidad at magsusulong ng katarungan sa kapaligiran, habang isinasapriyoridad ang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan. Ang Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad ay isang permanenteng konseho sa pagpapayo ng Distrito ng Hangin na gumagamit ng mga prinsipyo ng katarungan sa kapaligiran para magabayan ang Lupon ng Mga Direktor at ang Tagapagpaganap na Opisyal/Opisyal sa Pagkontrol ng Polusyon sa Hangin sa mga programa at patakarang nakakaapekto sa mga lubos na apektadong komunidad na nasa hurisdiksyon ng Distrito ng Hangin para matiyak na patas ang pakikitungo sa lahat ng taong nakatira sa mga komunidad na iyon. Ang Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad at ang Ad Hoc na Komite ng Patakaran sa Katarungan sa Kapaligiran ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad ang mga nagsilbing pormal na tagapayo sa **2024 – 2029 Plano sa Estratehiya ng Distrito ng Hangin**.

# Ang Pagsubok

70 taon nang responsable ang Distrito ng Hangin sa pagtiyak na malinis na hangin ang nalalanghap ng mga taong nakatira sa Bay Area. Bagama't malaki ang iginanda ng kalidad ng hangin sa rehiyon, hindi pantay na nakinabang ang lahat ng komunidad. Kadalasan, ang mga apektadong komunidad ay mga community of color na may mas mababang kita. Ilang dekada nang nahaharap ang mga komunidad na ito sa mga nambubukod at nandidiskriminang patakaran at kasanayan ng pamahalaan. Nagresulta ang mga nasabing kawalan ng katarungan sa mga komunidad na nakakaranas ng mga epekto ng racism sa kapaligiran, kasama ang mas mababang kalidad ng hangin, na nakakasama sa kalusugan at nauugnay sa mas maikling inaasahang haba ng buhay, at mas mababang kalidad ng buhay sa pangkalahatan. Bilang tugon sa mga pagsubok na ito, ginawa ng Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin ang Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad para magbigay ng gabay sa mga isyung nakakaapekto sa mga apektadong komunidad na ito at matiyak na mapapakinggan ang kanilang boses sa proseso ng pagpapasya.



# Ang Panawagan para Kumilos

Mula noong Enero 2022, pinayuhan ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad ang Distrito ng Hangin tungkol sa kung paano makuha ang tiwala ng mga komunidad nang sa gayon ay mas maunawaan ang mga alalahanin ng komunidad. Mula Disyembre 2022 hanggang Disyembre 2024, nakipagtulungan ang Ad Hoc na Komite ng Patakaran sa Katarungan sa Kapaligiran sa mga staff, ehekutibong pamunuan, at Lupon ng Mga Direktor para magsapriyoridad ng mga solusyon para magkaroon ng katarungan sa kapaligiran.

May tinukoy ang Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad na siyam na Priyoridad sa Katarungan sa Kapaligiran na naglalayong mas gabayan ang ahensya sa pagsusulong ng at pagtugon sa katarungan sa kapaligiran sa lahat ng aspeto ng mga operasyon ng Distrito ng Hangin. Ibinabalangkas ng mga priyoridad na ito ang mga kundisyong kinakailangan para maging isang epektibong partner ang Distrito ng Hangin sa mga frontline na komunidad para sa katarungan sa kapaligiran, na naglalayong pagandahin ang kalidad ng hangin at pabutihin ang pangkalahatang kalusugan at kapakanan ng komunidad. Sa pagtuon sa mga priyoridad na ito, layunin ng Distrito ng Hangin na isabuhay ang katarungan sa kapaligiran sa mga operasyon at proseso nito ng pagpapasya, para sa kapakinabangan ng mga komunidad na pinakaapektado ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa kapaligiran.




## Mga Priyoridad ng Katarungan sa Kapaligiran ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad

1. Isulong ang Katarungan sa Kapaligiran
2. Magbigay ng Makabuluhang Suporta mula sa Ahensya para Maisulong ang Katarungan sa Kapaligiran
3. Isama ang Mga Pagsasaalang-alang sa Katarungan sa Kapaligiran sa Mga Pangunahing Function
4. Ipatupad ang Pinakamahuhusay na Kasanayan sa Katarungan sa Kapaligiran sa Maging Makabago
5. Makipag-ugnayan sa Malinaw at Transparent na Paraan at nang May Integridad
6. Palakihin ang Kapasidad ng Mga Staff at Miyembro ng Lupon ng Distrito ng Hangin na Isaalang-alang ang Katarungan sa Kapaligiran
7. Palakihin ang Kapasidad ng Mga Komunidad at Organisasyon para sa Katarungan sa Kapaligiran
8. Humiling ng Mga Naaangkop na Legal na Remedyo at Makipagtulungan sa Mga Komunidad para sa Katarungan sa Kapaligiran
9. Magbigay ng Teknikal na Tulong sa Mga Lokal na Pamahalaan



# Sa Isang Tingin: Ang Mga Pangako sa Katarungan sa Kapaligiran ng Distrito ng Hangin



# Hangarin sa Pagbabago: Iisang Distrito ng Hangin na Nagsisikap na Magkaroon ng Katarungan sa Kapaligiran

Humigit-kumulang 70 taon nang responsable ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area sa pagtiyak na malinis na hangin ang nalalanghap ng mga taong nakatira sa Bay Area. Bagama't malaki ang iginanda ng kalidad ng hangin sa rehiyon, hindi pantay na nakinabang ang lahat. Patuloy na nalalantad ang mga komunidad malapit sa mga freeway, kalsadang maraming dumaraan, at pang-industriyang pasilidad sa mas matataas na antas ng polusyon sa hangin kumpara sa karamihan ng mga komunidad na mas malayo sa mga source na ito. Kadalasan, mga community of color na may mas mababang kita ang mga apektadong komunidad. Walang aksidente. Ilang dekada nang nahaharap ang mga komunidad na ito sa mga nambubukod at nandidiskriminang patakaran at kasanayan ng pamahalaan. Nagresulta ang mga nasabing kawalan ng katarungan sa mga komunidad na nakakaranas ng mga epekto ng racism sa kapaligiran, kasama ang mas mababang kalidad ng hangin, hindi magagandang kahihinatnan sa kalusugan, nauugnay na mas maikling inaasahang haba ng buhay, at mas mababang kalidad ng buhay sa pangkalahatan. Marami ding komunidad para sa katarungan sa kapaligiran ang nahaharap sa mga hindi pagkakapantay-pantay na nauugnay sa mga epekto ng pagbabago ng klima. [1]

Nakibahagi ang mga staff ng Distrito ng Hangin sa isang pinalawig na serye ng mga pag-uusap sa Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad at sa mga miyembro ng Ad Hoc na Komite nito para sa Patakaran sa Katarungan sa Kapaligiran para mas maunawaan ang kalidad ng hangin mula sa kanilang mga pananaw bilang mga miyembro ng komunidad. Nakinig ang Distrito ng Hangin, na naniniwalang hindi monolithic ang mga komunidad, habang isinasalaysay ng mga miyembro ang mga dating pinsala at ang mga bagong pinsala na nakakaapekto sa kanilang mga komunidad. Kinailangan ng oras sa mga pag-uusap na ito at hindi kumportable sa ilang pagkakataon, pero kinakailangan ang mga ito para makuha ang tiwala ng mga miyembro at makausap sila para may matukoy na bagong hangarin sa kung paano puwedeng pamahalaan ng Distrito ng Hangin ang kalidad ng hangin.

Sa bagong hangaring ito, mas pagtutuunan ng Distrito ng Hangin ang mga solusyon sa lugar para mas mahusay na mapamahalaan ang kalidad ng hangin sa mga apektadong komunidad. Pinapalawak din ng hangaring ito ang mga pananaw ng Distrito ng Hangin sa kung paano ito makakapagsulong ng positibong pagbabago sa pamamagitan ng paggamit sa mga dati na nitong panuntunan, regulasyon, at awtoridad sa ilalim ng batas. Para maisulong ang katarungan sa kapaligiran, kailangan ng pagbabago sa sistema na nagsasaalang-alang ng maraming salik sa komunidad, ekonomiya, at lipunan na nakakaapekto sa mga komunidad. Kinakailangan sa pagbabago sa sistema ng tuluy-tuloy na two-way na komunikasyon sa mga apektadong komunidad at mga solusyong tumutugon sa mga pinakasanhi ng hindi pagkakapantay-pantay. Bilang resulta, kinakailangan sa hangarin ng Distrito ng Hangin ng mga interdisciplinary, intersectional, at makabagong pamamaraan.

Sa pag-invest at pagsang-ayon sa hangaring ito, mas lalaki ang kapasidad para sa lahat ng stakeholder—ang Distrito ng Hangin, mga lokal na pamahalaan, organisasyon sa komunidad, at miyembro ng komunidad—para maisulong ang katarungan sa kapaligiran.

> *"Ang isa sa mga pangunahing benepisyo ng prosesong ito ay ang pinalawig at regular na pakikipag-ugnayan sa mga pangunahing lider sa Distrito ng Hangin. Gumawa ito ng oportunidad para matuto tayo tungkol sa kultura ng institusyon at kung paano makakamit ang hinahangad nating pagbabago. Dahil dito ay napilitan silang marinig ang ilang bagay. Nakikita na nilang tao tayong lahat, na mas marami tayong pagkakapareho kaysa pagkakaiba."*
>
> **—John Kevin Jefferson III**

1 Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang:
- Rothstein, R. (2018). *The Color of Law: A Forgotten History of How Our Government Segregated America (Ang Kulay ng Batas: Ang Nakalimutan nang Kasaysayan ng Kung Paano Na-segregate ng Ating Pamahalaan ang Amerika)*. Liveright Publishing Corporation.
- Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran ng Estados Unidos. (2024). "Environmental Justice Research at the EPA (Pananaliksik sa Katarungan sa Kapaligiran sa EPA)." Nakuha sa: www.epa.gov/ej-research.

# Tugon ng Distrito ng Hangin sa Panawagan para Kumilos

Ang isang pangunahing tungkulin ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad ay magbigay ng payo sa Distrito ng Hangin at Lupon ng Mga Direktor tungkol sa mga programa at patakarang nakakaapekto sa lahat ng komunidad, pati sa mga lubos na apektadong komunidad, na nasa hurisdiksyon ng Distrito ng Hangin. Ang siyam na Priyoridad ng Katarungan sa Kapaligiran na binuo ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad ng Distrito ng Hangin ay tumutulong na bigyan ng kaalaman at payo ang ahensya at ang mga staff nito tungkol sa kung paano nito maisusulong at matutugunan ang katarungan sa kapaligiran sa lahat ng aspeto ng mga operasyon ng ahensya. Ang Ad Hoc na Komite ng Patakaran sa Katarungan sa Kapaligiran ng Konseho sa Pagpapayo ng Lungsod ay may tinukoy ding tatlong aspeto na dapat pagtuunan para sa mga nalalapit at dati nang pagkilos para maisulong ang katarungan sa kapaligiran: pangongolekta at paggamit ng data, pagbibigay ng permit, at pagsunod at pagpapatupad.[2] Tinatalakay sa sumusunod na kabanata ang nasabing tatlong aspeto na bibigyan ng priyoridad.

Hangad ng Distrito ng Hangin na tugunan ang Mga Priyoridad ng Katarungan sa Kapaligiran ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad sa pamamagitan ng **2024 – 2029 Plano sa Estratehiya nito**. Ang Planong ito sa Estratehiya ay sumasalamin ng malaking pagbabago sa misyon at hangarin ng ahensya, mula sa pagtuon sa pagpapaganda sa kalidad ng hangin sa rehiyon, papunta sa naka-target na pamamaraang kumikilala at tumutugon sa mga hindi pagkakapantay-pantay sa kapaligiran sa kalidad ng hangin sa lokal na antas.

Sa tulong ng input mula sa Ad Hoc na Komite sa Katarungan sa Kapaligiran ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad, gagawa ang Distrito ng Hangin ng mga nasusukat na plano ng pagpapatupad para sa mga aktibidad na nauugnay sa pagsusulong ng katarungan sa kapaligiran.

May tatlong pangunahing aspeto kung saan makakaasa ang mga komunidad na makikitaan nila ng pagbabago sa Distrito ng Hangin para maisulong ang katarungan sa kapaligiran:

- **I-localize ang Pamamaraan sa Kalidad ng Hangin:** Pagbago sa pangunahing pamamaraan ng Distrito ng hangin sa kalidad ng hangin mula sa pagtuon sa rehiyon papunta sa paggamit ng higit pang lokal na impormasyon at pagsusuri na sumusuporta ng mga naka-target na kahihinatnan sa katarungan sa kapaligiran
- **Isapriyoridad ang Mga Komunidad para sa Katarungan sa Kapaligiran para sa Pagkakapantay-pantay:** Pagsasapriyoridad ng mga komunidad para sa katarungan sa kapaligiran (hal., sa pamamagitan ng pondo para sa mga benepisyo sa komunidad, patakaran sa multa, cumulative na pagsusuri ng kalusugan, pagsasapriyoridad ng pagpapahintulot ng mga pagsusuri sa mga komunidad para sa katarungan sa kapaligiran, atbp.)
- **Makipag-ugnayan sa Mga Komunidad para sa Katarungan sa Kapaligiran:** Pakikipag-ugnayan sa mga komunidad sa mga mas makabuluhang komunikasyon at partnership. Kasama rito ang agham sa komunidad (hal., pagsubaybay sa komunidad at pangongolekta ng data) at pakikibahagi ng publiko (hal., mga regular na forum sa komunidad at bagong mekanismo ng pagbibigay ng feedback sa komunidad) na kumikilala sa pagiging eksperto, mga kalakasan, at asset ng mga komunidad
- **Mabilisang Tumugon sa Mga Reklamo at Insidente sa Kalidad ng Hangin:** Pinahusay na pagtugon sa mga reklamo at insidente sa kalidad ng hangin sa pamamagitan ng pinahusay na koordinasyon, komunikasyon, at paggamit ng lokal na data
- **Pahusayin ang Pagtugon sa Pagpapatupad:** Pinahusay na pagpapatupad (hal., mga multa para umiwas sa paglabag, injunctive relief na nakatuon sa komunidad, at pagsasaalang-alang ng paulit-ulit na paglabag sa pagtukoy ng pagtugon sa pagpapatupad)
- **Tuluy-tuloy na Pagbutihin ang Ginagawa sa Pamamagitan ng Pakikipagtulungan:** Tuluy-tuloy na pagpapahusay sa pagsusulong ng mga pagkilos para sa pagkakapantay-pantay at katarungan sa kapaligiran sa pakikipagtulungan sa, at sa tulong ng input mula sa, Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad at mga komite para sa katarungan sa kapaligiran

Ipinapakita ang mga aspetong ito ng pagbabago sa sumusunod na larawan.

2 Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Proseso ng Pagpaplano ng Pagkilos sa Katarungan sa Kapaligiran at sa tatlong aspeto na ito ng pagpapatupad na nalalapit na, tingnan ang Appendix C.




# Ang Aming Mga Pangako sa Katarungan sa Kapaligiran

Ang payo ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad tungkol sa ibig sabihin ng katarungan sa kapaligiran at sa dapat isaalang-alang ng Distrito ng Hangin para maisulong ang katarungan sa kapaligiran ay nakatulong sa paggawa sa bago nitong direksyon sa estratehiya: 80% ng mga estratehiyang tinukoy sa 2024 – 2029 Plano sa Estratehiya ay nakakatugon sa isa o higit pang Priyoridad sa Katarungan sa Kapaligiran.

Sa tulong ng maraming talakayan sa pagitan ng pamunuan ng Distrito ng Hangin, mga teknikal na staff, at Ad Hoc na Komite ng Patakaran sa Katarungan sa Kapaligiran ng Komite sa Pagpapayo ng Komunidad, at sa pangunguna ng Lupon ng Mga Direktor, at ng Komite sa Pagkakapantay-pantay sa Komunidad, Kalusugan, at Katarungan, gagawa ang Distrito ng Hangin ng mga nasusukat na plano ng pagpapatupad para sa mga pagkilos sa pagsusulong ng katarungan sa kapaligiran sa mga komunidad sa Bay Area.

**baaqmd.gov**

**communityadvisorycouncil@baaqmd.gov**

375 Beale Street, Suite 600
San Francisco, CA 94105
415.749.5000 | 1.800.HELP AIR

© Nobyembre 2024

BAY AREA AIR QUALITY
MANAGEMENT DISTRICT

COMMUNITY
ADVISORY COUNCIL
CLEAN AIR FOR ALL